# GURONG TRADISYUNAL SA GITNA NG PANDEMYA

*by:*
**Miriam M. Bagsic**
*Mariveles National High School - Sisiman*

Isang hamon nga ba sa kagaya kong tradisyunal na guro ang paraan ng pag-aaral ngayong tayo ay nahaharap sa gitna ng pandemya?

Aking sasagutin ang tanong bilang isa sa gurong tradisyunal na sa makabagong teknolohiya ay hindi bihasa o sabihin na nating walang gaanong kasanayan.

Isa ako sa gurong tradisyunal na sanay gumawa ng mga biswal sa pagtuturo sa pamamagitan ng manila paper, tisa at pisara sa pagbibigay at pagsasalin ng mga kaalaman sa aking mga estudyante, sa pamamagitan ng mga paraang ito, maayos naman akong nakakapagturo at naiisalin ang mga dapat na matutunan ng mga batang aking tinuturuan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Bago matapos ang panuruan taong 2020, isang pandemic ang nagpabago sa lahat, at ang Kagawaran ng Edukasyon ay naglabas ng mga paraan ng pagtuturo sa bagong normal. Bilang isa sa mga gurong tradisyunal isang malaking hamon ito sa akin na tanging Microsoft word at excel ang alam ko sa kompyuter at hindi sanay sa iba pang mga aplikasyon sa paggamit ng teknolohiyang ito. Ang pandemya ay naging hamon kung paano na nag Kagawaran ng Edukasyon ay tutugon at patuloy na makapagbibigay ng kaalaman na makasisisguro na ligtas ang bawat isa. Bilang isa sa mga gurong tradisyunal ang hamon na ito ay dapat kong bigyang pansin at aralin, hindi lamang sa paglago ng aking sarili ganun din sa paraan ng aking pagtuturo dahil sa bagong normal na pag-aaral hindi ko na makakaharap ang aking mga estudyante sapagkat zoom, google, messenger at facebook na ang dapat na gamitin upang sa ganon ay makapagpatuloy ang mga guro sa pagbibigay ng mga kaalaman at hindi naman masayang ang panahon ng

mga bata na walang natututunan habang nasa loob ng bahay at umiiwas na mahawa at makapanghawa sa pandemyang covid 19.

Salamat sa mga batang guro sa eskwelahan at madali akong natuto, may mga youtube turorial na pwede ko rin naman palang panoorin, at may mga paseminar din ang Kagawaran ng Edukasyon, mga paraan para ako ay makasabay sa hamon ng pandemya at ng bagong normal na paraan ng pagtuturo. Masaya ang aking pakiramdam sa mga bagong kaalaman na ito, madali lang naman pala kung iyong isasapuso ang pagkatuto. Ito ay hindi dapat kainisan o ipagwalang bahala kundi ito ay dapat na yakapin dahil ang panahon ay mabilis pagdating sa pagbabago ng teknolohiya.

Isang malaking hamon para sa kagaya kong tradisyunal na guro ang paggamit at pagkatuto gamit ang makabagong teknolohiya sa pagtuturo, ngunit masasabi ko na isa man itong bago para sa akin, may saya akong naramdaman bilang isang guro. Tayo bilang pinagmumulan ng mga bagong kaalaman ay dapat na makisabay sa mga milennials sa bagong henerasyon, hindi tayo dapat huminto, dapat tayong mag-aral, dagdagan pa ang ating mga kaalaman, makisabay tayo sa mga pagbabago upang makapaghatid tayo ng mas bago at mas konkretong kaalaman sa mga bata.

Sigurado ako ang mga gurong tradisyunal na kagaya ko ay matapang na haharapin ang hamon ng pandemya sa bagong normal na paraan ng edukasyon katuwang ang mga makabagong teknolohiya at mga kasanayan.

*References:*

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan